KASUNDUANG PERSONAL

AKO AY NAKATAYO sa mga balikat ng mga pinunong nauna sa akin. Hindi sila perpekto, at ako rin ay hindi. Sila ay namuno batay sa kung ano ang kanilang natutuhan, at ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at kagandahang-loob, ay itinaguyod ang Kanyang kaharian sa pamamagitan nila.

INAAMIN KO ang aking mga sariling pagkukulang bilang isang pinuno sa harapan ng aking Panginoong Hesus.

ITINATALAGA KO NANG MAY KABABAANG LOOB ang aking sarili sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo upang maging mas tulad ni Hesus at magsanay ng iba na gawin din ang ganito. Pagpalain nawa ako ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at awa, na maging tapat sa kasunduang ito. Amen.

Kaisa ng mga pinuno sa buong mundo, ginagawa ko ito bilang aking pansariling kasunduan.

Lagda: _____

Petsa _____

Saksi: _____

Saksi: _____

Leaders Covenant: Mga Katanungan

MALIGAYANG PAGDATING SA LEADER'S COVENANT. ANG KASUNDUANG ITO AY BINUO PARA SA "LAUSANNE LEADERSHIP DEVELOPMENT WORKING GROUP" BILANG SANGGUNIAN PARA SA "CAPE TOWN 2010 CONGRESS ON WORLD EVANGELIZATION" NG LAUSANNE. ANG AMING LAYUNIN PARA SA "SPIRIT OF LAUSANNE," AY IBAHAGI AT ILAHAD ITO SA IYO AT SA IYONG MGA KAPWA PINUNO NG KAHARIAN.

MentorLink INTERNATIONAL

For more MentorLink resources go to: www.mentorlink.org

Si Hesus at ang Kanyang mga Apostol ay maraming itinuro tungkol sa mga pinuno sa Kanyang Kaharian:

ANO ANG KANILANG GINAGAWA
PAANO SILA MAKISAMA SA MGA TAO
PAANO NILA TINITINGNAN ANG KANILANG SARILI
ANO ANG MGA TAMANG HANGARIN O MOTIBO
ANO ANG KANILANG ITINUTURO SA PAMAMAGITAN NG KANILANG MGA SALITA AT GAWA

Sa kabilang banda, nagbabala rin si Hesus at ang mga Apostol laban sa mga huwad na pinuno. Halos sa bawat sulat sa Bagong Tipan, ang mga huwad na pinuno ay itinuturo o inilalarawan. Kaya naman, ang paksang ito ay hindi dapat balewalain.

Ang Leader's Covenant ay binuo upang simpleng ipahayag ang mga katotohanang ito para sa mga pinuno sa buong mundo ngayon. Hinihikayat ka namin na basahin ang Kasunduan at lagdaan ito sa harap ng ilan sa iyong mga pinagtitiwalaang kasamahan o kaibigan. Pagkatapos ay ibahagi rin ito sa iba.

Walang anumang bayad ito para sa iyo. Ang aming mithiin at pananaw ay ang mga pinuno sa Kaharian ay mamuno at magsanay ng iba pang mga pinuno upang maging mas tulad ni Hesus.

Makatutulong kung maglalaan ka ng oras ng pagninilay upang pag-aralan ang mga talata sa Kasulatan. Hinihikayat ka namin na ipamahagi ito sa iba. Binibigyan ng pahintulot ang pagpapamahagi ng Leader's Covenant na ito nang walang anumang pagbabago. Ang Leader's Covenant ay nakatayo sa pundasyon ng Lausanne Covenant (1974). Ang Leader's Covenant na ito ay binuo para sa Lausanne Leadership Development Working Group bilang sanggunian para sa Cape Town 2010 Congress on World Evangelization.

©MentorLink 2022

PANIMULA

Pinupuri ko ang Diyos na tumawag sa akin upang maglingkod kay Hesu-Kristo bilang isang pinuno sa Kanyang mga tao. Buong puso kong nais sundan ang aking Panginoon at Pinuno na si Hesus, sa paraan ng Kanyang pamumuhay, pamumuno, at paghubog sa mga tao. Pinapatunayan ko na nais kong lumago sa pagiging tulad ni Kristo bilang isang pinuno at tulungan ang iba sa aking nasasakupan na gawin din ito. Sa Kanyang biyaya, itinatalaga ko ang aking sarili na maging at mamuno nang mas tulad ni Kristo.

(Paalala: Ang isang "pinuno" sa Kasunduang ito ay maaaring isang pastor, apostol, elder, obispo, diakono, ebanghelista, guro, misyonero, parachurch worker, propeta, pinuno sa negosyo/trabaho, pinuno ng small group, edukador, pinuno ng house church, o sinumang nais mamuno tulad ni Hesus. Kabilang dito ang mga lalaki at babae, bata at matanda, mga full-time ministry worker, at mga mananampalataya o laity.)

Gabay sa Pag-aaral ng Leaders Covenant

Narito ang ilang mungkahi kung paano gamitin ang gabay na ito:

Tiyaking gawing mahalagang bahagi ng proseso ang patuloy na pananalangin. Tanging ang Espiritu Santo lamang ang makapagbibigay ng pagbabago sa buhay; kailangan nating umasa sa Kanya.

Kapag nakikipagkita sa isang tao gamit ang Leader's Covenant, makipagtulungan sa kanya at/o sa mga kasama sa maliit na grupo sa pamamagitan ng pagpokus sa 4 na pangunahing katanungan para sa bawat 10 pagtitibay.

Gumawa ng opisyal na babasahin o talaan upang maitala ang mga kinakailangang hakbang na may tiyak at nasusukat na mga kilos at nakatakdang panahon.

1. MAY PANANAGUTAN AKO KAY HESUS

May pananagutan ako kay Kristo na aking Panginoon. Siya ang magsusuri at magbibigay sa akin ng gantimpala. Tinawag ako sa isang buhay ng paglilingkod, kagalakan, at pagpapakasakit para sa aking Panginoon, sa Kanyang kaharian, at sa Kanyang mga tao. Hinahangaan ko ang mga pinuno sa buong mundo na nag-aalay ng malaking sakripisyo, maging ng kanilang sariling buhay, alang-alang sa aking Panginoon. Napapanatag ako sa katotohanang ginagantimpalaan ng Diyos ang mga naglilingkod at nagpapakasakit para sa Kanya at sa Kanyang mga tao. Nalulungkot ako na may ilang mga pinuno ang kumikilos na tila walang sinasabi si Hesus tungkol sa kanilang ministeryo, sa paraan ng pakikitungo nila sa mga tao, o sa paraan ng kanilang pamumuno. Gumagawa rin sila ng mga bagay upang mapansin lamang ng madla, at sa ganitong paraan ay makuha na nila ang kanilang pansamantalang gantimpala. Gayunman, alam ko na ang aking Ama, na nakakakita sa lahat ng lihim, ay nagpaparangal at nagbibigay ng gantimpala sa mga gumagawa ng tama kahit walang nakakakita. May kababaang-loob akong humihingi ng tapang, lakas ng loob, at pananampalataya upang maging kalugod-lugod sa aking Panginoon sa paraan ng aking pamumuno.

(Mateo 6:1-6; Mateo 16:24-27; Lucas 18:28-30; Juan 5:22-23; 1 Corinto 3:10-15; 1 Corinto 4:5; 2 Corinto 4:11-18; 2 Corinto 5:9-10; 2 Corinto 10:12-18; 2 Timoteo 4:1-8)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

2. MAMUMUHAY AKO NA TULAD KAY HESUS

Ang karakter na tulad kay Kristo ay kailangan sa pamumuno, at napapanatili sa pamamagitan ng paglakad sa mga gawi ni Hesus. Nais kong iwasang maging tulad ng mga Pariseo noong panahon ni Hesus, na nagbigay ng malaking pansin sa mga panlabas na pahiwatig ng kanilang mga gampanin sa pamumuno ngunit ang kanilang mga puso at karakter ay malayo sa Ama. Kinikilala ko na sa ating panahon, ang mga tukso sa laman ay nasa paligid lamang, ngunit tinatawag tayo ng ating Panginoon na mamuhay sa kalinisan at kabanalan sa isip at sa gawa. Nalulungkot ako na minsan ang mga pinuno ay hindi kumikilos nang may katapatan o hindi nagsasalita ng katotohanan sa mga taong pinagsisilbihan nila. Nalulungkot ako na ang mga pinuno ay minsan kumikilos nang may inggit o paninibugho sa ibang mga pinuno o ministeryo at naninirang-puri sa kanila o gumagawa upang magdulot at magpanatili ng mga pagkakabahagi. Nais kong maging mas tulad ni Hesus mula sa loob palabas at maisalamin ang Kanyang karakter sa aking puso at buhay.

(Mateo 23:23-28; Juan 15:1-5; Filipos 1:15-17; Filipos 3:17-19; 1 Tesalonica 2:1-12; 1 Timoteo 3:1-13; Tito 2:11-15; 2 Pedro 3:11-14; 1 Juan 2:6)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

3. MAGLILINGKOD AKO KAY HESUS

Pumarito si Hesus para ipangaral ang kaharian ng Diyos—ang pamamahala at paghahari ng Diyos sa mga puso at buhay ng Kanyang mga tao. Sa kabilang dako, ang likas na pagkatao ay nag-uudyok sa mga pinuno na magtayo ng sarili nilang mga "kaharian" o "imperyo." Nalulungkot ako na may ilang mga pinuno ang naghahangad ng karangalan at papuri mula sa mga tao, at sa paggawa nito ay napapalitan ang pagtuon kay Hesus ng pagtuon sa kanilang sarili. Pinagtitibay ko na ang aking misyon ay ang itaguyod ang pamamahala at paghahari ni Hesus sa mga puso ng Kanyang bayan. Kinikilala ko rin na sa paglilingkod kay Hesus, tinawag ako na maglingkod at mag-aruga sa aking pamilya na naaayon sa Diyos. Nais kong maglingkod kay Hesus nang buong puso.

(Mateo 5:1-12; Mga Gawa 28:30-31; 2 Corinto 4:1-2; Filipos 2:9-13; 1 Timoteo 3:1-5; 2 Pedro 2:1-3; 3 Juan 9-11)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

4. MAMUMUNO AKO NANG KATULAD NI HESUS

Nang ang ating Panginoon ay pumarito sa lupa, ipinakita at itinuro Niya kung ano ang dapat na katangian at gawain ng mga pinuno sa Kanyang kaharian. Itinuro Niya na dapat tayong nang may kababaang-loob at kaamuan, pasanin ang ating krus araw-araw, at pakumiloskitunguhan ang mga tao nang may biyaya at kagandahang-loob. Hindi Niya ipinilit ang Kanyang awtoridad sa kanino man. Ginamit ni Hesus ang Kanyang awtoridad bilang pinuno upang gabayan, pagpalain, at paglingkuran ang Kanyang mga pinamumunuan. Tinatawag Niya tayong mamuno sa parehong paraan. Maraming pinuno ang gumagamit ng kanilang awtoridad upang pagharian ang mga tao at sa halip ay gumagamit ng mga gawi at pagpapahalaga sa pamumuno na ayon sa paraan ng mundo. Nalulungkot ako na ang ilang mga pinuno, kahit na nagsasalita ng tamang aral, ay hindi namumuhay bilang pinuno na katulad ni Kristo. Ang kanilang mga gawain ay nagbabaluktot sa turo ni Kristo tungkol sa pamumuno, na nagdudulot ng pagkalito sa mga taong kanilang dapat na pinaglilingkuran. Nais kong maglingkod nang may pusong mababang-loob na namumuno nang katulad ni Hesus.

(Mateo 18:1-4; Mateo 23:1-12; Marcos 10:42-45; 2 Corinto 11:12-21; 2 Timoteo 3:1-13; Hebreo 1:1-2; 1 Pedro 5:1-5)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

5. MAGPAPALAGO AKO NG MGA PINUNO

Isa sa mga pangunahing prayoridad ni Hesus ay ang maghubog ng mga pinuno. Hindi Siya mabilisang nagparami ng mga pinuno nang biglaan, sa halip ay nakatutok Siya nang may layunin sa kakaunting bilang ng mga tao. Pinagtitibay ko na ang paghuhubog ng mga pinuno tulad ng ginawa ni Hesus ay tumatawag sa akin upang bumuo ng malapit at personal na ugnayan sa mga lalaki at babaeng may malaking potensyal, at maglaan ng panahon sa pag-mentor sa kanila. Pinagtitibay ko na ang sigaw ng puso ng maraming bagong pinuno sa buong mundo ay ang magkaroon ng isang espiritwal na mentor. Kinikilala ko rin ang aking tawag na ihanda ang mga mananampalataya para sa ministeryo at pahayuhin sila upang maglingkod ayon sa patnubay ng Espiritu Santo. Batid ko na maraming pinuno ang nagwawalang-bahala sa prayoridad na ito. Humihingi ako ng biyaya at kaalaman upang maipagpatuloy ang paghahanda sa mga banal at pagpapatibay sa mga puso at buhay ng mga bagong pinuno.

(Mateo 4:18-22; Mateo 28:16-20; Lucas 6:12-16; Juan 17:6-19; Mga Gawa 11:22-26; Mga Gawa 15:39-16:5; Efeso 4:11-16; Filipos 2:19-30; 2 Timoteo)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

6. HAHANAPIN KO ANG KANYANG MUKHA

Pinahahalagahan at pinararangalan ng ating Panginoon ang mga namumuhay nang may kababaang-loob at pagsandal sa Kanya, at ang mga naghahanap sa Kanyang mukha sa pamamagitan ng pagtitipon at komunyon kasama ang mga kapwa mananampalataya. Nag-iwan sa atin si Hesus ng huwaran para sa regular na paglalaan ng oras na kasama ang Ama upang hanapin ang Kanyang puso at makipag-isa sa Kanya sa panalangin. Ginawa Niya ito kahit sa gitna ng maraming tungkulin, panggigipit, at maging sa mahihirap na kalagayan. Sa pagsunod sa huwaran ni Hesus, nais ko Siyang hanapin nang regular sa personal na pakikipag-isa at panalangin. Alam kong ito ay makalulugod sa Kanya at magbibigay-daan upang mas maiayon ko ang aking sarili sa Kanya, sa Kanyang mga gawi, at sa Kanyang kalooban. Nais ko ring mamuhay ayon sa hangganan ng aking pagkatao sa pamamagitan ng regular na pagpapahinga (Araw ng Pamamahinga o Sabbath) upang mapanumbalik ang lakas ng aking kaluluwa. Alam kong nangangahulugan ito ng paglayong sumandali sa mga panggigipit ng mundo. Ang hangarin ng aking puso ay maglingkod sa Kanya nang may katapatan sa lahat ng araw ng aking buhay hanggang sa kunin Niya ako pauwi o bumalik Siya sa Kanyang kaluwalhatian. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, nais kong hanapin ang Kanyang mukha.

(Isaias 66:1-2; Mateo 14:23; Mateo 26:36-39; Marcos 1:35-39; Lucas 4:42-43; Lucas 5:16; Filipos 4:5-7; 1 Pedro 5:6-8)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

7. MAGHAHANGAD AKO NG ESPIRITWAL NA BUNGA

Ako ay pinili upang magbunga. Itinuro at ipinakita ni Hesus na ang espiritwal na bunga ay nagmumula sa "pananatili sa Kanya." Kinikilala ko na hindi ko kayang pasunurin o baguhin ang buhay ng mga tao sa pamamanan ng aking sariling karunungan o sariling pagsisikap. Ang aking tungkulin ay buong tapat na ibigay ang aking sarili sa mga tao gamit ang aking mga kaloob at tawag ng Diyos, at ipagkatiwala sa Diyos ang mga resulta. Ang hangarin ng aking puso ay sundin si Hesus sa Kanyang mga gawi, mamuhay ayon sa Espiritu, at manatili sa Kanya upang Siya ay kumilos sa pamamanan ko at magbunga nang sagana para sa Kanyang kaluwalhatian.

(Mateo 7:15-20; Mateo 16:21-23; Juan 15:1-11; 1 Corinto 3:5-9; 2 Corinto 1:12; 1 Timoteo 4:6-16; 1 Juan 2:3-6)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

8. MAKIKIPAGTULUNGAN AKO

Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay Iisa—bawat Persona ay gumaganap ng natatanging tungkulin, ngunit kumikilos sa ganap na pagkakaisa. Ang kanilang pamumuno sa pamamagitan ng pagtutulungan ay nagpapatakbo sa konteksto ng pagpapasakop sa isa't isa, ngunit may angkop na awtoridad Sila sa kani-kanilang gampanin at tungkulin. Nais kong sundin ang pamumuno sa pamamagitan ng pagtutulungan na ipinakita ng Trinidad bilang pamantayan para sa mga pinuno. Humihingi ako ng biyaya upang lumago sa paglilingkod at matapat na pakikipagtulungan nang may pagkakaisa kasama ang aking mga kapwa pinuno.

(Mateo 28:16-20; Juan 5:22-23; Juan 16:13-15; Juan 17:21; Mga Gawa 13:1-3; Roma 8:14-17)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

9. MAGIGING MATAPAT AKONG TAGAPANGASIWA NG SALAPI

Regular na nag-aatas si Hesus at ang mga Apostol ng ibang tao upang mangasiwa sa salaping ipinagkakatiwala sa kanila. Itinuro at ipinakita nila ang tapat na pangangasiwa at namuhay nang walang maipipintas sa paningin ng Diyos at ng mga tao. Nalulungkot ako na may ilang pinuno ang nagsasamantala sa pananalapi ng iba o hindi nagpapasailalim sa pananagutan (*accountability*) sa iba pang mga maka-Diyos na pinuno para sa mga pondong ibinibigay sa ministeryo. Kinikilala ko na ang pag-ibig sa salapi ay nagdudulot ng katiwalian at nagbabaluktot sa kakayahan ng isang pinuno na maglingkod sa kaharian ni Hesus, at nagiging dahilan upang marami ang bumagsak sa pagsubok ng kabanalan. Kinikilala ko rin na kailangang suportahan ng mga pinuno ang kanilang sariling pamilya at may karapatang umasa ng tulong mula sa mga taong kanilang pinaglilingkuran. Mababa ang loob kong hinihingi ang grasya upang mamuhay nang walang kapintasan sa harap ng Diyos at ng mga tao gamit ang pananalaping ipinagkakatiwala sa akin.

(Mateo 6:25-34; Lucas 16:14-15; Mga Gawa 4:32-5:11; Mga Gawa 6:1-7; Mga Gawa 20:25-35; 1 Corinto 9:1-18; 2 Corinto 8:16-22; 1 Timoteo 6:9-11; 1 Pedro 5:2-3; Judas 11-12)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____

10. GAGAMITIN KO ANG MGA SISIDLANG-BALAT UPANG MAGLINGKOD

Ang mga sistema at organisasyon ("mga sisidlang-balat") ay mga bahagi ng pangangasiwa para sa mga iglesya at ministeryo. Namamangha ako na noong panahon ni Hesus, ang mga Fariseo at mga Tagapagturo ng Kautusan ay lumaban sa Kanya gamit ang kanilang mga sisidlang-balat ng tradisyon, organisasyon, kautusan, kredensyal, at teolohiya laban sa Kanya. Nalulungkot ako na marami ring mga pinuno sa kasalukuyan ang natutukso at madalas na bumabagsak sa pag-akit sa katapatan ng mga tao patungo sa kanilang sarili, sa kanilang organisasyon, mga gawi, kagamitan, o mga sistemang teolohiko sa halip na kay Kristo. Napapansin ko na minsan ay gustong maging tagapamahala ng mga pinuno kaya lumilikha sila ng mga hirarkiya, posisyon, at titulo upang ipatupad ang kanilang kontrol at pamamayagpag. Madaling "maghari-harian" o umabuso sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga plano, pananaw, o mga utos ng organisasyon sa kanila. Hangad ko na dalisayin ang aking sarili at maglingkod sa aking Hari nang may kabanalan at kabaitan, at akayin ang aking mga pinaglilingkuran sa mas malapit na pakikipaglakad sa Kanya.

(Mateo 23:13-33; Juan 11:47-48, 53; Mga Gawa 20:18-35; Filipos 2:19-21; Santiago 4:13-16; 1 Pedro 5:2-3; 3 Juan 9-11)

Leaders Covenant: Mga Katanungan

1. Ano ang sinasabi ng pagtitibay na ito na mahalagang marinig ko sa kasalukuyang yugto ng aking buhay at ministeryo? (Unawain nang mabuti ang kahulugan ng pahayag. Huwag magmadali.)

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Habang pinagninilayan ko ang pahayag na ito, sa anong mga paraan nagpapakita ang aking buhay ng positibong paglago? (Magbigay ng pampatibay-loob.)

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Ano ang 1–2 pangunahing paraan kung saan ang aking buhay ay HINDI nagpapakita ng mga pagtatalagang ipinapahayag dito? (Magpokus nang malinaw sa mga bahaging kailangan pa ng pagpapabuti o paglago.)

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Ano ang 1–2 pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin sa ating pagtutulungan upang magkaroon ng pag-unlad sa iyong buhay at ministeryo patungo sa mas ganap na pagtupad sa pagtatalagang ito? (Magsulat ng mga tiyak na hakbang sa paggabay o mentoring upang matugunan ang mga hamon sa pagpapabuti.)

   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____
   _____
   _____
   _____Nakatakdang Panahon:_____